MGA KATOTOHANAN TUNGKOL SA KALUSUGAN
Mga tip upang matulungan ang mga bata na lumaki nang malusog!

Walang mga Instruction Manual para sa mga bata.

Eto ang susunod na pinakamabuting gawin.

Mula nang sila'y nagsusuot ng lampin hanggang sila'y handa ng magmaneho, umaasa sa iyo ang iyong mga anak na makuha para sa kanila ang pangangalaga sa kalusugan na kailangan nila. Eto ang ilang mahalagang impormasyon upang matulungan ang iyong mga anak na makapagsimula nang mabuti at manatili sa daan patungong magandang kalusugan.

MGA BAKUNA (Mga Iniksyon)

Ang mga wastong bakuna ay ang pinakaligtas at pinakamabisang paraan upang protektahan ang iyong mga anak laban sa mga delikadong sakit ng mga bata.

Mula kapanganakan hanggang sa wala

- Hepatitis B: 1 at ika-2 bakuna
- Diphtheria, Tetanus at Whooping Cough (DTaP): 1, ika-2, at ika-3 mga bakuna
- Haemophilus-b (Hib): 1, ika-2, at ika-3 mga bakuna
- Polio: 1 at ika-2 mga bakuna
- Pneumococcal Conjugate: 1, ika-2, at ika-3 mga bakuna
- Bakuna sa trangkaso: 1 at ika-2 mga bakuna
- Bakuna sa rotavirus: 1, ika-2 at ika-3 iniinom na dosis

1 0 hanggang 5 taon:

- Hepatitis A: 1 at ika-2 mga bakuna
- Hepatitis B: ika-3 bakuna
- Diphtheria, Tetanus at Whooping Cough (DTaP): ika-4 na bakuna
- Haemophilus-b (Hib): ika-3 o ika-4 na bakuna
- Polio: ika-3 bakuna
- Pneumococcal Conjugate: ika-4 na bakuna
- Measles, Beke at rubella (MMR): 1 bakuna
- Bulutong Tubig (Varicella): 1 bakuna
- Bakuna sa trangkaso: taun-taon

3 hanggang 6 na taon

- Diphtheria, Tetanus at Whooping Cough (DTaP): Ika-5 bakuna
- Polio: Ika-4 na bakuna
- Measles, Beke at Rubella (MMR): Ika-2 bakuna
- Bulutong Tubig (Varicella): Ika-2 bakuna
- Bakuna sa trangkaso: taun-taon

11 hanggang 18 taon

- Meningococcal vaccine (MCV4):1 bakuna
- Tetanus, diphtheria at whooping cough (Tdap)
- Human Papillomavirus na bakuna
- (HPV) para sa mga lalaki at mga babae: 1, ika-2, at ika-3 mga bakuna
- Bakuna sa trangkaso: taun-taon

***Mangyaring tandaan: Ang ilang mga bata ay nangangailangan ng ibang mga bakuna Mangyaring tanungin ang iyong health care provider tungkol sa mga bakunang kinakailangan ng iyong anak.**

LEAD SCREENING

Ang kaunting dami ng lead sa katawan ng iyong anak ay maaaring magdulot ng mga problema sa pagkilos, problemang matuto at magsalita. Ang blood test ay ang kaisa-isang paraan upang malaman kung sobra ang dami ng lead sa katawan ng iyong anak.
Ang mga bata ay dapat magpa-test:

- 12 buwan ang gulang
- 24 na buwan ang gulang
- Ang sinumang bata hanggang anim na taong gulang na hindi pa kailanman nagpa-test para sa lead



MGA PAGPUNTA SA DENTISTA

Inirerekomenda ng mga eksperto na unang beses pumunta ang mga bata sa dentista bago dumating ang kanilang unang kaarawan. Habang ang iyong anak ay lumalaki, ang mga rutinang pagpapatingin sa dentista ay dapat isagawa bawat anim na buwan.

"WELL-CHILD" CHECKUPS

Sa mga regular na medical checkup habang bata, nabibigyan ang mga doktor ng pagkakataong imonitor ang kalusugan ng iyong anak at maiwasan ang anumang mga problema sa darating na panahon.

Maliban sa pagtsek ng taas, timbang at presyon ng iyong anak, maaaring isama sa isang "well-child" na checkup ang:

- Komprehensibong pangkalusugan at debelopmental na kasaysayan
- Pagtatasa ng pagdibelop ng pangkatawan at pangkaisipang kalusugan
- Pag-iksamen ng katawan mula ulo hanggang paa
- Lead screenings
- Patnubay sa edukasyon sa kalusugan at sa kung ano ang gagawin kung may mangyari
- Mga lab test o mga ibang diagnostic test, tulad ng tuberkulosis
- Mga screening sa paningin, pandinig, at ngipin
- Pagtatasa ng nutrisyon

ISKEDYUL NG "WELL-CHILD" CHECKUP

Sa loob ng 1 linggo • 1 buwan • 2 buwan • 4 na buwan • 6 na buwan • 9 na buwan • 12 buwan • 15 buwan • 18 buwan • 24 na buwan*

*Pagkatapos ng 24 na buwan, ang iyong anak ay dapat magpa-iksamen bawat taon.

MAY INSURANCE BA ANG IYONG MGA ANAK?

Kung ang iyong mga anak ay walang insurance, mangyaring tumawag sa NJ FamilyCare o bisitahin kami online. Tutulungan ka naming malaman kung kwalipikado ka para sa libre o murang health coverage para sa iyong mga anak.

NJFAMILYCARE

Affordable health coverage. Quality care.

1-800-701-0710

(May mga operator na nagsasalita ng iba't-ibang wika)

TTY **1-800-701-0720**

(Para sa mga may kapansanan sa pandinig)

www.njfamilycare.org